H
E
K
A
S
I
6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# GAWAIN NG PAMAHALAAN: TUGON SA PANGANGAILANGAN NG MAMAMAYAN

**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***


This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

GRADE VI

# GAWAIN NG PAMAHALAAN: TUGON SA PANGANGAILANGAN NG MAMAMAYAN

## ALAMIN MO



Ano ang nakikita mo sa larawan?

Anu-ano ang ginagawa ng mga taong nasa larawan?

Magiging maayos ba ang pamumuhay ng mga Pilipino kung palaging ganito ang pamamalakad ng pamahalaan para sa mga mamamayan?

Sa modyul na ito malalaman mo na ang mga tuntunin at gawaing pinaglilingkuran ng pamahalaan para sa taong bayan.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Sa nakaraang leksyon natutunan mo ang kahalagahan ng Pamahalaan. Susubukan ko ang iyong kakayahan sa iyong mga napag-aralan sa pagsagot ng mga sumusunod na katanungan.

Basahin mo ang mga tanong at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang dapat gawin upang umunlad ang ating bansa?
   a. maging mapagmatyag
   b. maging masipag
   c. maging mareklamo
   d. maging palautang


2. Bakit tayo may Hukbong Sandatahan ng Pilipinas?
   a. upang mangalaga sa mga “drug lords”
   b. upang mangalaga sa katahimikan at kaayusan ng buong bansa
   c. upang mangalaga sa kalusugan ng tao
   d. upang mangalaga sa transportasyon ng bansa

3. Bakit may ugnayang diplomatiko tayo sa ibang bansa?
   a. upang hindi nila tayo sakupin
   b. upang maging tahimik sa ating bansa
   c. upang magkaroon tayo ng pakikipagkasunduan sa larangang pangkabuhayan, pampulitika at pangkapayapaan
   d. upang mapahina ang kabuhayan ng bansa

4. Bakit kailangang ipatupad ng pamahalaan ang mga batas sa paggawa?
   a. upang magkaroon ng trabaho lahat ng mga tao
   b. upang maging tama ang ginagawa ng mga tao
   c. upang magtalo-talo ang mga tao
   d. upang mapangalagaan ang mga karapatan sa trabaho ng mga tao

5. Alin sa mga sumusunod ang di naibibigay na kabutihan ng mga batas sa paggawa?
   a. naibibigay ang minimum wage ng mga manggagawa
   b. mapangalagaan ang kanilang benepisyo sa SSS o GSIS
   c. nabibigyan ng benepisyong makapag-abroad nang madalas
   d. napangangalagaan ang kanilang oras at takdang bilang ng mga paglilingkod at pagtatrabaho

## PAG-ARALAN MO




Ipinakikita sa dayagram na ito ang mga pangunahin at iba't-ibang gawain ng pamahalaan.

Ang tatlong ito ay kumakatawan sa tatlong sangay ng pamahalaan na mapag-aaralan ninyo sa mga susunod na mga aralin. Ang ilan pang gawain na iyong nakikita sa dayagram ay ang mas tiyak na serbisyo na ipinakakaloob ng pamahalaan sa mga mamamayan.

Tingnan at pag-aralan ang talaan.

## Ahensya ng Pamahalaan at mga Gawain Nito

| Ahensiya | Akronim | Mga Gawain/Halimbawa |
|---|---|---|
| Kagawaran ng Edukasyon | DepEd | Pagbibigay ng edukasyon sa mga kabataan mula elementarya hanggang haiskul. *Halimbawa:* Pampublikong Paaralan, Paaralang Elementarya ng Makati, Mataas na Paaralang Tandang Sora |
| Kagawaran ng Tanggulang Bansa | DND | Pangangalaga ng kaligtasan ng bansa laban sa terrorismo, panlabas at panloob na banta/smuggling. |
| Kagawaran ng Katarungan | DOJ | Pagprotekta sa karapatan ng bawat isa sa lipunan *Halimbawa:* pagsasampa ng kaso laban sa mga tiwaling opisyal ng gobyerno. |
| Kagawaran ng Kalusugan | DOH | Pangangalaga sa kalusugan ng bawat isa sa lipunan. *Halimbawa:* pagkakaroon ng sentrong pangkalusugan at pampublikong ospital. |
| Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman | DENR | Pagsagip para sa kaligtasan at preserbasyon ng kalikasan. *Halimbawa:* pagtatanim ng punongkahoy, pagbabawal sa pagputol ng punongkahoy nang walang permit pagbabawal sa pangunguha o panghuhuli sa mga papaubos nang lahi ng mga hayop. |
| Kagawaran ng Gawaing Pampubliko at mga Lansangan | DPWH | Paggawa, pagkukumpuni at preserbasyon ng mga pampublikong estraktura tulad ng kalsada, tulay, gusali, irigasyon. *Halimbawa:* pagkakaroon ng panlabas na tanggapang pang-inhenyerya, upang mapabilis ang pagtugon sa anumang pangangailangan. |

| | | |
|---|---|---|
| Kagawaran ng Paggawa at Empleo | DOLE | Pagbibigay ng pagkakatao sa pagtatrabaho sa loob at labas ng bansa at pagprotekta sa karapatan ng bawat manggagawa.<br>*Halimbawa:* pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang ahensya pribado man o pampubliko na may kinalaman sa paggawa sa local, nasyonal o pang-ibayong dagat. |

## PAGSANAYAN MO

Basahin at bilugan ang titik ng tamang sagot.


1. Ano ang layunin ng ating pamahalaan para sa mamamayang Pilipino?
   a. para sa ating kabutihan at kaunlaran
   b. para maging bahagi tayo ng kanilang gawain
   c. upang matiwasay at payapa ang ating bansa
   d. upang magkaroon tayo ng sapat na kabuhayan

2. Agad na sinusuri ng kaukulang ahensya ang mga dayuhang mandaragat na natatanaw na nangingisda sa loob ng hangganan ng teritoryo ng Pilipinas.
   a. seguridad
   b. kagalingang panlipunan
   c. kabutihang pampamilya
   d. kaunlarang pang-ekonomiya

3. Pinapatnubayan at sinusuri ng pamahalaan ang kalagayan ng pagtaas ng dolyar upang hindi ito gaanong maka-epekto sa ating kabuhayan.
   a. kagalingang panlipunan
   b. katarungan panlipunan
   c. kabutihang pangkalusugan
   d. kaunlarang pang-ekonomiya

4. Marami nang naitayong mga pampublikong pagamutan at paaralan sa bansa.
   a. seguridad
   b. katarungang panlipunan
   c. kagalingang panlipunan
   d. kaayusang pangkapayapaan


5. Anu-ano ang nagtutulungan upang lubos na matugunan ang ating mga pangangailangan?
    a. mga ospital
    b. mga tindahan
    c. mga pamilihan at paaralan
    d. mga ahesiya ng pamahalaan



## TANDAAN MO

Maraming paraang ginawa ang pamahalaan para sa kabuhayan at kaligtasan ng tao sa bansa

Nagkaroon ng ahensiya ng pamahalaan upang makatiyak sa serbisyo nito sa pagtugon sa pangangailangan ng mamamayan.



## ISAPUSO MO

Sa mga programang inilaan ng pamahalaan para sa kapakanan ng bayan at sa mga ahensiyang tumutulong sa pagtugon sa pangangailangan ng mamamayan dapat tayong magtulungan at makiisa upang matamasa ang kaunlaran at kapayapaan ng bansa.




## GAWIN MO

Basahin ang talata sa loob ng kahon. Sagutin ang tanong pagkatapos nito.

| |
|---|
| Gawain ng pamahalaan gumawa ng batas, magpatupad ng batas at bigyan ng pagpapakahulugan ito. Hindi lamang ito ang dapat gampanan ng pamahalaan. Binibigyan pansin din nito ang iba pang gawain na ang ilan ay iniatas pa ng Saligang Batas. Halimbawa nito ay gawaing panseguridad, kaayusang panlipunan at pang-ekonomiya at katarungang panlipunan. |



Sa panseguridad sinisikap ng pamahalaan na ang bawat mamamayan nito ay ligtas sa anumang kapahamakan. Tinutulungan ng pamahalaan ang pangangailangan ng mamamayang katulad ng nasalanta ng mga kalamidad, bagyo, pagbaha, lindol at pagputok ng bulkan at iba pang sakunang dulot ng kalikasan at gawa ng tao.

Sa kagalingang panlipunan, may pabahay na inaalok ang pamahalaan sa abot kayang halaga para sa mga iskwater sa kalunsuran. Ang proyektong pangkabuhayan ang nauuna sa mga listahan upang makapagtrabaho nang maayos sa pamilya at sa bansa.

Sa katarungang panlipunan may programa ang pamahalaan upang mabigyan ng proteksyon ang karapatan ng biktima at akusado. Ang isang halimbawa nito ay ang Witness Protection/Department of Justice na nagbigay seguridad sa mamamayang testigo laban sa akusado sa pagkakasalang criminal.

Anong serbisyo ang ipinakita ng pamahalaan para sa panseguridad ng bansa natin?

Anu-ano ang mga kagalingang panlipunan ang ginagawa na mga ito?

Ano naman ang katarungang panlipunan? Malaki ba ang naitulong nito sa bansa?



## PAGTATAYA

Isulat ang ahensiyang tumutugon sa mga pangangailangan ng mga sumusunod na sitwasyon: Piliin ang ahensiya sa kahon sa ibaba.

1. Ibig makapag-aral ni Bino na isang matalinong mag-aaral sa kolehiyo ngunit walang maitustos ang kanyang pamilya.

   ________________________________________

2. Suliranin ni Mang Jose ang lubhang pagkatuyong kanyang mga pananim.

   ________________________________________

3. Pinangangalagaan nito ang maayos at wastong paggamit ng ating likas na yaman.

   ________________________________________



4. Tinutulungan nito ang mga manggagawa ukol sa wastong pamamalakad ng kani-kanilang pinagtatrabahuhan.

______________________________________


5. Nag-uutos sa mga pagamutang pampubliko na magbigay ng libreng gamut, bakuna at payo sa mahihirap.

______________________________________

| | |
|---|---|
| Kagawaran ng Edukasyon<br>Kagawaran ng Tanggulang Bansa<br>Kagawaran ng Katarungan<br>Kagawaran ng Kalusugan<br>Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman | Kagawaran ng Gawaing Pampubliko at Panlansangan<br>Kagawaran ng Paggawa at Pag-eempleo |

## PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Gumawa ng pananalisik. Alamin ang napapanahong programa na inilunsad ng pamahalaan sa pamamagittan ng mga ahesiya nito. Maaring gumawa ng poster at kulayan ito.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

Susi sa Pagwawasto

1. DepEd - Kagawaran ng Edukasyon
2. DENR - Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman
3. DENR - Kagawaran ng Kapaligiran at Likas na Yaman
4. DOL  -  Kagawaran ng Paggawa at Pag-eempleo
5. DOH -  Kagawaran ng Kalusugan